

1

“Awoo! Awoo!”

Napangiti si Desmond sa pananakot ni Cheska na kasunod na pala niyang patungo sa gazebo na nasa gitna ng malawak na hardin ng mga ito. Tanging ang bilog na bilog na buwan ang nagsisilbing ilaw nila. Tila alam ng malamyos na hangin ang binabalak niya kaya sinasadyang ihipan ang mababangong bulaklak sa paligid para mangibabaw ang bango ng mga iyon.

Bukas ay uuwi na sila ng pamilya niya sa Isla Dorado. Tapos na ang mahigit dalawang linggo nilang pagbabakasyon dito sa Cebu, sa ancestral house ng mga Devera. Iyon na siguro ang pinakamasayang summer vacation niya bagaman ang talagang sadya ng kanyang ama sa pagbisita rito sa tahanan ng mga Devera ay negosyo dahil isa sa mga board members ng kompanya nilang Williamsons Corporation ang ama ni Cheska na si Henson Devera.

“Hindi ako takot sa multo, Cheska,” aniya nang lumapit ito sa kanya at inalalayan niya paakyat sa tatlong steps ng gazebo.

“Yes, alam ko kaya nga ang weird mo para sa akin.

Napurnada lang ang plano kong makatsansing n'ung kulitin kitang manood ng horror sa VCD kagabi. Akala ko titili at yayakap ka sa akin!” kunwa’y reklamo nito.

Kunwa’y napuno ng indignasyon ang mukha niya. “Lalaking-lalaki ako, Cheska. I bellow, I shout but I never, never scream like a girl,” mariing protesta niya. “Besides, ikaw ang tumili at pumikit sa takot habang pinapanood natin ‘yung horror movie. Halos malagutan nga ako ng hininga sa higpit ng yakap mo sa leeg ko!”

Umarte itong lumilinga sa paligid nang takpan nito ang bibig niya. “Not so loud, man! At hindi naman ako iyong tumili na iyon, si Rex iyon! Ako? Matatakot sa pipitsuging multong mukhang nasabuyan lang ng harina? Hah! No, Siree!” puno ng pagtanggig tugon nito na ipinagpag pa ang kuwelyo at inarkuhan siya ng mga kilay.

Umikot ang kanyang mga mata. Hindi naman nila kasamang nanood ang kapatid niya. “All right, I beg your pardon.”

“You have it. Ano ba iyong sasabihin mo?” Naupo si Cheska sa tabi niya. Nagde-kuwatro at nangalumbaba, hinintay siya nitong magsalita.

Naglabas ng sigarilyo at lighter si Desmond, pero

hindi sinindihan iyon. Hindi siya naninigarilyo. Props lang niya ang mga iyon para sa sleight-of-hand na hilig niyang ipagyabang dito. Natutunan niya iyon sa isang kklase niya na part-time assistant ng isang magician.

“Ano’ng mas gusto mo, red rose or white rose?”

“Yellow rose.”

Sinimangutan niya ito. Pink at puti lang ang rosas na naikubli niya sa tago niyang bulsa. “Dalawa lang ang pagpipilian mo. Huwag kang choosy.”

“Sige na nga, red rose. Para simbolo ng pag-ibig.”

Pinaikut-ikot ni Desmond sa kanang kamay ang sigarilyo habang sa kabilang kamay naman ay binuksan ang lighter. “Simbolo ng pag-ibig? In love ka ba, Cheska? Pinagtataksilan mo na ako gayong dalawang oras lang akong nawala sa tabi mo!” kunwa’y galit na sabi niya habang inilalapit sa mukha nito ang sigarilyo at ang nakasinding lighter.

“Umamin ka na kung sino ang lalaki mo! Si Mang Nato na sorbetero? Ang sinverguenza na iyon! Kaya pala lagi kang may libheng ice cream sa kanya!” Nakapagbibiro pa siya sa kabila ng walang sinlakas na tibok ng puso niya habang minamasdan ang aliw na aliw nitong anyo.

“Paano mo nalaman? Oh, please, huwag mong ipagasabi kahit kanino! Plano na nga naming magtanan bukas ng madaling-araw! Sadya kaming pinaglalayo ng tadhana at hindi namin matitiis pa ang panghuhusga ng mga tao!” madramang dialogue nito na pinaglapat pa nito ang mga kamay at kunwa’y nagsusumamong tumingala sa kanya.

Kunwa’y umismid siya sa babae. Sisindihan na niya ang sigarilyo, pero imbis na iyon pa rin ang hawak ng kanang kamay niya ay ang pulang rosas na ang naroon. Smug na napangiti siya sa nakitang pagkamanghang bumakas sa mukha nito.

“Kaya ba iyan ni Mang Nato? Hah!” Ibinigay niya ang rosas dito.

Kunot-noo ngunit napapangiting sinamyong naman ni Cheska ang bango ng rosas na galing din sa mismong hardin sa paligid nila.

“No, yes, well...”

Napahalakhak si Desmond. “Ano ba talaga? Oo, in love ka? Hindi, hindi kay Mang Nato?” tudyong niyang pinisil pa ang baba nito. Naaaliw siya sa pagkamangha at pagkatuliro nito habang pilit kinakapkapan siya para malaman kung nasaan ang secret pocket na pinagtaguan niya ng rosas.

“Saan mo inilagay iyon?”

Sa lakas ng kabog ng dibdib ni Desmond, nagtataka siya kung bakit hindi pa nito naririnig ang isinisigaw niyon. Bumunot siya ng malalim na paghinga at lumunok bago lakas-loob na sinalubong ang nakatawang mga mata nito.

“Actually, I’m the one in love, Cheska.”

Unti-unting nawala ang kaaliwan sa mukha nito. Tila gusto nitong panatilihin ang ngiti sa mga labi sa pag-asam na nagbibiro lang siya, pero nang makita ang kaseryosohan sa kanyang anyo ay sunod-sunod na napalunok ito at bahagyang lumaylay ang mga balikat.

“W-who...?”

“Mahal kita, Cheska.”

Tigagal na napamaang ito sa kanya. Bumukas-sara ang mga labi na parang isdang biglang inahon sa tubig. Kumalat ang pamumula sa buong mukha nito. Masuyong sinapo niya ang mukha nito. Nauunawaan niya ang kabiglaan nito. Marahil hindi nito mapagpasyahan kung alin ang uunahin, ang pag-amin ng katugong damdamin para sa kanya o ang malakas na pagtili sa katuwaan.

“Hindi mo na kailangang magsalita. Alam kong

mahal mo rin ako. It would be hard having a long-distance relationship, pero dahil mahal naman natin ang isa't isa, makakaya natin iyon..."

Marahang umiling-iling ito. "N-no, Desmond... Oh, God!" Marahas na pinalis nito ang kamay niya at tumayo. Naisuklay nito sa buhok ang mga daliri; hayag ang di-pagkapaniwala sa anyo.

"Cheska, alam kong mahihirapan tayo sa una. Iyon siguro ang iniisip mo kaya hindi kita—"

Kung tingnan siya nito ay tila ba hindi siya kilala ng kaibigan. Humakbang ito paatras, tumalikod ngunit kaagad ding humarap sa kanya at tinitigan siya. "No, Desmond! Hindi ko alam kung ano'ng pinagsasabi mo! Hindi mo ako mahal! Ano bang biro ito?" Animo nasa dulo na ng pisi ng pasensya ni Cheska ang lakas at dahas na taglay ng tono nito. Pinukol siya ng kulay tsokolateng mga mata nito na wala ni katiting na kaaliwan.

Bagkus ang naroon ay di-pagkapaniwala, galit at... disgusto?

Nanuyo ang lalamunan ni Desmond. Nandidilat ang mga matang hindi niya alam kung maikukurap pa niyang muli. Ayaw niyang pumikit sakaling may makaligtaan siyang ekspresyong dumaan sa mukha

Until You're Mine - Dream Giban

nito na kukumbinsi sa kanyang isa na naman ito sa kapilyahan ni Cheska at mayamaya ay bigla na lang siyang yayakapin at pupugpugin ng halik sa pisngi tulad ng ginagawa nito kapag alam nitong napipikon na siya sa pagbibiro nito.

Seventeen years old si Desmond at fourteen pa lang si Cheska nang una silang magkakilala. Ipinakilala ng isang common friend ng mga pamilya nila ang kanilang mga ama sa isa't isa. Interesado ang banker nitong ama na mag-invest sa bagong negosyo at eksaktong naghahanap din ng bagong kasosyo ang ama ni Desmond para sa plano nitong pagba-branch out sa ibang bansa. Una silang nagtagpo ni Cheska sa annual celebration ng anibersaryo ng Williamsons, kasama itong dumalo ng ama at ina.

And for the first time, he felt his heart beat triple time as he watched the bubbly fourteen-year-old girl. Ngunit masyado pang bata ito noon kaya naman ipinasya niyang hintayin na munang mag-seventeen ito bago niya ito subukang ligawan. Pansumandali ay kinaibigan muna niya ang babae. Regular ang komunikasyon nila bagaman bibihira silang magkita nito dahil sa Cebu ito nakabase. Paminsan-minsan ay nagbabakasyon din ito sa Isla Dorado, kung hindi man ay siya ang bumibisita rito. Hindi man kontento doon, sinusulit na lang ni Desmond ang sarili sa bawat

sandaling magkasama sila.

And now at twenty, he was hoping that dream of having Cheska as his girlfriend would come true, kaya naman hindi na siya nag-abalang manligaw ng ibang babae. Pero mabibigo pa nga yata siya.

“Desmond... Desmond, I'm sorry. Pero hindi ko talaga alam kung saan mo nakuha ang ideyang...” Naupo itong muli sa tabi niya. Inabot nito ang nanlalamig na mga kamay niya at ikinulong ang mga iyon sa pagitan ng mga palad nito. “Desmond, please, tell me you didn't take me seriously. All those jokes about us running away together, nagbibiro lang ako. Desmond, please, sabihin mong hindi ka naniwala sa mga iyon. Akala ko alam mong nagbibiro lang ako.”

Siguro kung ang boses nito ay walang pakikiusap, walang paghihirap, marahil patuloy pa niyang mapapaniwala ang sarili na ngayon ito nagbibiro at hindi nitong nakaraang dalawang linggo kung kailan inaakala niyang seryoso ito. Pero ang nakalarawang pagdurusa at pagsisisi sa mukha ni Cheska ay dagdag na pruebang hindi ito nagbibiro sa kanya ngayon.

Umawang ang mga labi niya pero ni isang kataga ay walang lumabas. Napayuko siya. Parang biglang bumigat ang ulo niya na hindi na niya kayang maitaas iyon. Parang may malaking kamay na dahan-dahan

Until You're Mine - Dream Giban

at buong kasiyahang pumipilas sa puso niya na halos ikauklo niya sa sakit. Sinapo ng kanang kamay niya ang kanyang dibdib, hinimas-himas iyon sa pag-asang mapalis niyon ang sakit.

“Desmond? Desmond, ayos ka lang ba?!” nag-aalalang tanong nito na napaluhod sa tapat niya para matingnan ang mukha niya.

“W-water, please...”

Tarantang tumayo si Cheska at humakbang paalis, ngunit muling lumigon nang marinig ang pagtayo rin niya. “Sandali! Sandali lang! Kukuha ako! Diyan ka lang, huwag kang aalis, babalik agad ako!” Tumakbo ito patungo sa bahay.

Pero hindi na niya hinintay ang pagbalik nito.

2

El Corona Corporation Head Office, Makati City.

“Dammit! You’ve mastered the craft of producing her precious heirs, why do I still have to get married and present her with grandkids?” Hayag sa mukha ni Desmond ang sama-samang pagkayamot, kawalang magawa at desperasyon.

Ang kanina ay maayos na buhok, ngayon ay mistulang pinugaran na ng mga ibon dahil sa dalas ng pagsuklay ng mga daliri niya roon. Patunay na higit pa sa ordinaryong iritasyon lang ang nararamdaman niya ngayon. Ang ilabas niya iyon sa pamamagitan ng paggulo sa sariling buhok na itinuturing niyang ginintuang kayamanan niya ay sukatan lang kung gaano katindi ang pagkayamot niya sa kasalukuyang sitwasyon.

“Bakit hindi mo tanungin si Lola, Desmond? Hindi naman ako ang nagdidikta sa iyo. Besides, akala ko ba nag-e-enjoy kang i-entertain ang mga babaeng inirereto niya sa iyo? Sinabi mong sasakyan mo na lang ang gusto niya dahil hindi ka naman niya mapipilit na magpakasal kung ayaw mo.”

Kabaligtaran ng agitated niyang boses ang kalmadong tono ng nakatatandang kapatid niyang si Rex habang pinagmamasdan nito ang paglalakad niya paroo't parito sa harap ng desk nito. At duda niya, kanina pa siya tahimik na pinagtatawanan nito hindi man niya iyon makita sa blangkong anyo nito.

At kahit pa siguro matiyak nga niya na ikinaaaliw nito ang nasasaksihang dilemma niya, hindi niya ito lubos na masisisi. Dahil halos mag-iisang taon lang ang nakakaraan, siya naman ang nagtatawa sa kinasuungan nitong sitwasyon na nilikha rin ng Lola Virginia nila. Nag-iilusyon kasi ang huli na ang lahi nila ang sagot sa lahat ng problema ng mundo kaya hindi iyon dapat maputol sa kanila.

“Oo nga pero hindi ko naman alam na ipagkakalat niya sa halos buong bansa na naghahanap ako ng mapapangasawa. Bawat babaeng alukin kong lumabas, iniisip na kasamang inaalok ko din ang pangalan ko. At ang pinakamasaklap pa'y gusto niyang pag-isipan kong mabuti ang panliligaw kay Colette Mancao! I ain't choosy, bro, but I draw the line at dating Cong. Mancao's daughter who looked exactly like him. Pakiramdam ko, si Congressman mismo ang ka-date ko!”

“Go to *Monte Verde*,” kaswal ang tonong

suhestyon nito.

“What!” biglang nagulumihanang bulalas ni Desmond. Napahinto siya mula sa balisang pag-iikot sa loob ng opisina ni Rex at hinarap ito. “Gusto mong matuluyan na ako? Yes, I’d get away from Lola’s schemes but I’d just land back on the old man’s path!”

‘Old man’ meaning ang kanilang Lolo Bonnifacio Asistio, ang ama ng kanilang ina na matagal nang yumao. Sa edad na eighty-seven ay malakas pa rin ito at siyang tumatayong patriarch ng angkan ng mga Asistio na nagkukuta sa *Monte Verde* which is an island just two hours away from *Isla Dorado* na home turf naman ng mga Miranda.

Their mother, the late Felicidad Asistio-Miranda, whose marriage to their late father, William Miranda, some thirty-three years ago remains to this day a sticking point between the Asistios and the Mirandas. Nakatakda kasing ikasal sa ibang lalaki noon ang kanilang ina nang itanan ito ng ama nila. At si Lolo Bonnifacio na batas na inukit sa bato ang bawat salita ay labis ang pagkamuhi kay William dahil sa pagkakasira raw ng reputasyon at palabra de honor ng mga Asistio dahil sa hindi pagkakatuloy ng kasalang napagkasunduan na nito at ng pamilya ng lalaking dapat ay mapapangasawa ng kanilang ina.

At komo nga't kaisa-isang anak na lalaki ni Lola Virginia si William, itinuring nitong insulto ang hindi pagtanggap ni Lolo Bonno sa ama nila bilang manugang nito. Hanggang ngayon, bagaman nagkaayos na ang kanilang lolo at ama bago mamatay ang huli three years ago, nananatiling shaky ang relasyon ng mga Miranda sa mga kapamilya ng ina nila sa *Monte Verde*. Maalamat ang hindi pagkakasundo ng magbalaë na minsan, pakiramdam nilang magkapatid, ay naiipit sila sa dalawang malalaking nag-uumpugang bato.

Tumangu-tango si Rex. “Tama, Desmond. Pumunta ka ng *Monte Verde*. Tiyak hindi ka masusundan ni Lola Virginia doon para iparada sa harap mo ang mga kandidata niyang maging asawa mo. Alam mong isinumpa niyang hinding-hindi na siya tatapak sa *Verde* kahit kailan.”

“Yeah, that and the fact that Lolo Bonno wouldn't allow her to set foot on that island again,” matabang na pakli niya. “Pero makatakas man ako sa mga babaeng bitbit lagi ni Lola, malamang magkalasuglasog na naman ako pagtapak ko sa *Verde*!”

Tulad na lamang noong huli siyang magbakasyon nang matagal-tagal sa poder ng mga Asistio noong twenty-one siya, daig pa ni Desmond ang pumasok sa

military sa lupit at tindi ng dinanas niyang 'training' sa ilalim ng pangangasiwa mismo ng lolo nila. Kailangan daw iyon para mabawasan ang pagiging malamya niya.

“Dammit! why don't you just shoot me in the head? And it would not even fix my pitiful sex life! Hmm... come to think of it, the girls in *Verde* are hot!”

Matabang na tiningnan lang siya nito. Mababaw na siya kung mababaw, wala nang laman ang isip niya kundi ang labag sa loob niyang celibacy, pero ano ang magagawa niya? Isa siyang twenty-nine turning thirty-year-old na binata at normal ang libido niya. Hindi patas na rendahan ng lola nila ang mga aktibidades niya sa loob ng kuwarto dahil lang sa kagustuhan nitong matiyak na may susunod pang henerasyon ng mga Miranda. Four months pregnant na ang hipag niyang si Jena kaya walang dahilan para patuloy na mangamba ang lola nila na sa kanilang magkapatid ay mapuputol na ang lahi ng mga Miranda.

“Well? Are you going to *Verde* or not?” untag ni Rex.

Saglit siyang nag-isip. “The devil or the deep blue sea? Guess, I'll take the devil!”

“You are due some vacation time, anyway. Take as much time as you need. Huwag ka lang paabot ng isang taon, hindi ko dedepositohan ng suweldo ang bangko mo.”

Hinarap na nito ang naantalang gawain dahil sa pagdating niya sa opisina nito. Sandamakmak na nakabuklat na business proposals ang nasa harap nito.

Akmang lalabas na siya nang muli siyang tawagin ng kapatid.

“Tamang-tama ang pagpunta mo ng *Monte Verde*. I have a request to make. Cheska asked for my help, she wants to talk to the Navaltas pero ni hindi daw siya makaabot man lang kahit sa sekretarya ni Gerome Navalta.” Kaswal na kaswal ang tono ni Rex nang sabihin iyon, pero hindi ang masuring tinging ibinigay sa kanya.

Natigilan siya na animo biglang tinutukan nito ng kargadong baril sa noo. “Cheska?” anas niya. “She’s back in the country?”

“Yes. Nakatanggap ako ng tawag mula sa kanya noong isang araw. At mukhang dito na siya permanenteng titira base sa binabalak niyang pakikipag-ayos sa pamilya ng asawa niya.

Unfortunately, ni hindi siya pinapapasok sa main office dito sa Makati ng *Fria-Navalta Firm*. Kaya gusto niyang pumunta nang personal sa *Verde* para makausap na mismo ang bayaw niyang si Gerome.

“But since it’s impossible for her to set foot on the island without invitation or permission from the people there, pinakiusapan niya ako kung pup’wede kong tawagan si Lolo para bigyan siya ng permisong makapunta doon. Bakit hindi mo pa siya isabay sa pagpunta doon?”

Ipinilig ni Desmond ang ulo, pilit pinapalis ang kabiglaang tila ilang segundong nagparalisa sa utak niya. Umangat ang mga kilay niya sa gulat na may kasamang pang-uuyam sa ideyang siya pa ang magiging susi ng babae sa pagkamit ng anumang balak kamtan sa pagtungo sa *Monte Verde*. “And her husband?”

“No, just her. Apparently, Adolf Navalta died a year ago due to massive heart attack.”

“Too bad. But that’s what you get for marrying a woman thirty years your junior. Must’ve been too much excitement.” Sarkastiko ang ngiting nagkibit-balikat siya. “So *Chucky’s* bride is a widow now, huh?”

Hindi siya eksaherado at hindi rin orihinal na

sa kanya nanggaling ang bansag na 'Chucky's bride' kay Cheska Devera-Navalta. Marami ang tumawag niyon ng ganoon sa babae sa kasal nito seven years ago sa *Manila Cathedral* na dinaluhan ng maraming prominenteng tao.

Dahil sa malaking age difference ng bride at groom, marami ang kumutya at nanuya sa kasalang iyon bagaman lahat naman ay nagkukumahog ding maabutan ng imbitasyon.

Bakit hindi gayong isang fifty-five-year-old multimillionaire casino owner na tatlong beses nang nadiborsyo at isang eighteen-year-old penniless girl na baon sa utang ang pamilya sa mismong groom nito ang mga ikakasal?

Siya man ay dumalo sa kasalang iyon bagaman hindi siya imbitado. Mula sa tagong bahagi sa likod ng simbahan ay mapait na sinaksihan ni Desmond ang pagpapakasal sa ibang lalaki ng unang babaeng minahal niya. Ngunit bago ang mismong araw na iyon ay muli pa niyang inulit ang katangahan at kagaguhan niyang sinimulan noong teenager pa lang siya, only to be rebuffed a second time.

Nagsalubong ang mga kilay niya. He'd be damned if he'd allow a third time to occur.

“Damn, you’re pathetic, Desmond! You’re still in love with the girl, aren’t you?”

“Hell, no!” gilalas na pahayag niya.

Ngunit malinaw ang di-pagkapaniwala sa mga mata ni Rex habang minamasdan siya. “Don’t break your heart over her again, little brother. On second thought, tatawagan ko na lang siya ulit at sasabihin kong hindi ko siya matutulungan sa pagpunta sa *Monte Verde*.”

“No! I mean, no, I can handle it. Kung gagawin mo iyon, iisipin niyang galit pa rin ang pamilya natin sa kanya gayong matagal nang naayos ang gusot sa pagitan ng ama niya at ni Papa bago pa man mamatay ang dalawa.”

Ang tinutukoy niya ay ang naging pag-aaway ng kanilang ama sa daddy ni Cheska nang matuklasan ni William na nang-uumit ng pera sa kompanya nila si Henson Devera para panustos sa panunugal nito.

Ngunit bago mamatay ang kanilang ama ay nakausap na nito at nakasundo si Henson na naibalik din sa kompanya nila ang perang inumit, salamat sa mayamang son-in-law nito.

Halos magkasunod na pumanaw ang magkaibigan; ang papa nila, sa sakit nito sa puso habang si Henson

Until You're Mine - Dream Giban

ay sa isang malagim na plane crash three years ago.

“Desmond...” May babala sa tono ni Rex habang nakatitig sa mukha niya. Tila hindi nito nagugustuhan ang nababasang planong tumatakbo sa isip niya. “She’s not worth it.”

Ngunit hindi siya tumugon.

3

Hindi inisip ni Cheska kung ano ang mararamdaman niya sa muli nilang pagkikita ni Desmond matapos ang pitong taon. Ang biglang pagbilis ng tibok ng puso niya nang makita ang matangkad nitong pigura na palabas ng elevator ay sadyang malayo sa hinagap niya. Napahigpit ang hawak niya sa handbag na dala-dala. Inboluntaryong napatago rin siya sa likod ng potted plant na katabi ng inuupuan niyang leather sofa sa lobby ng opisina ng *Williamsons Corporation*.

Suddenly, his begging words the day before her wedding came to mind. Bigla itong sumulpot sa hotel suite na tinutuluyan niya para sa kasal niya kinabukasan. Halu-halo ang kanyang damdamin nang mabungaran ito pagbukas ng personal assistant niya sa pinto. Halos mag-iisang taon na siyang walang komunikasyon dito bagaman nakikibalita pa rin siya ukol dito.

Hindi na muli pang nakipagkita sa kanya si Desmond matapos ang pagtatapat nito ng pag-ibig sa kanya. Iniwasan na siya nito at anumang panunubok niyang makausap itong muli ay hindi nito pinagbigyan. Anito ay hayaan muna niya itong

makalimot sa nararamdaman sa kanya bago sila magkita at subukan kung maibabalik pa nila ang dating pagkakaibigan nila.

Ngunit sa loob ng panahong namagitan ay kay raming nangyari sa buhay niya. Namatay ang kanyang ina at dahil doon ay nalulong sa casino ang ama niya at nakadispalko ng malaking pera sa bangkong pinamamahalaan nito at maging sa kompanya ng mga Miranda. Bukod doon ay patung-patong ang utang nito kay Adolf Navalta na siyang may-ari ng casino na paborito nitong puntahan sa Las Vegas.

Dahil sa addiction nitong iyon na pinampuno sa pangungulila sa kanyang ina ay kabi-kabila ang asuntong kinaharap nito kabilang na ang isa mula sa mismong ama ni Desmond. Dahil din doon kaya lalong naging malabo para sa kanila ng binata ang buhayin ang pagkakaibigan nila. Ni hindi nga niya inaasahang muli pa itong makikipagkita sa kanya kaya ganoon na lang ang gulat niya at pangamba nang bigla na lamang itong magpakita sa hotel suite niya.

“Listen, hindi mo kailangang gawin ito. Don’t marry him, Cheska. Dammit! Kung nalaman ko lang ito noon pa’y bumalik agad ako dito sa bansa! If Rex didn’t call me at my pad in Boston, hindi ko malalamang

ikakasal ka na! Kailan mo ito balak ipaalam sa akin? Pagkagaling ninyo sa honeymoon?” Marahas na sinabunutan nito ang sarili.

Nasa mga mata nito ang akusasyon sa kanya na tila ba kasalanan niya kung bakit wala itong kaalam-alam sa mga nangyayari sa buhay niya. Gayong ito ang nagsabi sa kanya noon na huwag na muna niya itong kontakin dahil gusto nitong sanayin ang sarili sa ideyang hindi niya ito mahal tulad ng kay tagal nitong inasam at inasahan.

“Please... kung kailangan mo ng magsasagip sa bangko ng pamilya mo, ako na lang ang tutulong sa inyo.”

“Fifty million dollars! Pahihiramin mo ako ng fifty millions dollars? At wala pa doon ang interes na ipinatong ni Adolf sa utang ni Dad sa kanya! Alam kong mayaman ang pamilya mo, Desmond, pero duda ako kung papayagan ka nilang maglabas ng ganoong halaga para lang pambayad sa utang ng pamilya ko,” pahayag ni Cheska.

“I may not personally have all that money, but I can loan it from my—”

Pagak na natawa siya. Sumulyap siya sa PA niyang panay ang senyas sa kanya at pandidilat ng

mga mata mula sa pinto ng bedroom ng suite. “Hindi ka papayagan ng papa mong gastusin ang pera mo o ng pamilya ninyo para maisalba ang pamilya ko, Desmond. He loathes my father at isa pa nga siya mismo sa mga nagdedemanda kay Daddy. Pakakasalan ko si Adolf, Desmond. Buo na ang pasya ko, kung hindi, wala ako dito ngayon.”

“P’wede kong—”

Mas lalong naging frantic sa pagsenyas ang PA niya. Halos hindi na rin nga nito iniaalis ang mga mata sa connecting door ng suite niya sa kabilang suite kung saan si Adolf naman ang okupante.

“Tama na, Desmond! Bakit mo ba ginagawa ito? Kung iniisip mong dahil inaalok mong tulungan ako’y matututunan na kitang mahal, nag-iilusyon ka! Kalimutan mo na iyang pagmamahal mo! Iyan mismo ang sumira sa pagkakaibigan natin! Umalis ka na!” singhal niyang marahas na itinulak ito ngunit huli na. Bumukas na ang connecting door at pumasok sa silid ang groom niyang naniningkit sa galit ang anyo nang makita ang binata.

She was tempted to take up Desmond’s offer then. Sino bang eighteen-year-old na dalaga ang gugustuhing pakasal sa lalaking thirty years ang tanda sa kanya at hindi niya mahal? Pero sa huli ay

nangibabaw ang binitawan niyang salita kay Adolf, ang takot sa maaari nitong gawin kung aatras siya sa kasunduan nila at ang determinasyon niyang huwag na uling biguin ang ama sa paglalagay rito sa malaking kahihiyang at kapahamakan sakaling ipinasya nga niyang sumama kay Desmond noon.

Ngunit ang higit na nagtulak sa kanya na hindi lang tanggihan kundi kutayin pa ang alok ng binata ay ang damdamin nito para sa kanya na malinaw na nakabakas sa mga mata nito.

Hindi maaatim ni Cheska na tanggapin ang iniaalok nito gayong alam niyang gagawin nito iyon sa kabila ng pagtutol ng pamilya nito. Hindi niya kayang samantalain ang damdaming nag-uudyok ditong salungatin ang sariling pamilya sa kabila ng inisyal na pagtanggap niya rito noon. He was such a wonderful man. If he had not fallen in love with her, they would've probably stayed the best of friends forever.

Dahil kay Desmond lang siya hindi kinakailangang umarte o maging defensive. Tanggap nito kung ano at sino siya. Ito lang ang hindi humingi sa kanya ng kabayaran sa pagmamahal nito. Bagay na hindi nagawa ng kanyang mga magulang bagaman nang ampunin siya ng mga ito ay ibinigay sa kanya lahat

ng luho at materyal na pangangailangan niya.

But she didn't love him. At hindi niya kayang gawin sa binata ang ginawa ng adoptive parents niya sa kanya. Pretend affection and care when there really was none except duty and responsibility. Hindi niya mahal si Adolf at gayundin ito sa kanya; malinaw na ang kasal nila ay istriktong kasunduan lang na may karampatang benefits silang makukuha sa isa't isa. Siya, kabayaran sa mga utang ng ama niya at ito naman ay isang batambatang asawang ibabandera sa lahat ng tao para pagtakpan ang problema nito sa pagkalalaki nito.

“Playing private investigator now, Cheska? Or were you trying to hide from me?” Ginulat siya ng boses ni Desmond sa mismong tapat niya.

Sa lalim ng iniisip ay ni hindi niya napansin ang tahimik nitong paglapit sa kinauupuan niya. Dalawang beses pa muna siyang napalunok bago tiningala ang guwapong mukha nito. Binalot siya ng halimuyak ng pabango nito, pero higit doon ay ang mismong kakisigan at sensuwalidad na lumalabas mula sa bawat bahagi nito ang nagpahirap sa kanyang huminga nang normal.

Ang dating payat na katawan ng binata ay napakakisig na ngayon; pansin niyang bawat babaeng

naroon sa lobby ay hindi rin maialis ang tingin dito. Nagkaroon ng maturity ang dating totoy na mukha nito at mas lalong lumutang ang pagkakahawig sa pamosong aktor na pinangalanang pinaka-sexy sa buong mundo.

Ipinitik nito ang daliri sa tapat ng mukha niya. Hayag ang kaaliwan sa anyo na para bang malakas niyang sinabi ang lahat ng tumatakbo sa kanyang isip habang nakatunghay rito.

“Alam kong mahirap talagang makapag-concentrate kapag kaharap ang kaguwapuhang ito, pero subukan mo lang, p’wede?” anito, nanunukso ang tono at ngiti.

Sa isang iglap ay napawi ang pagkabatubalani niya rito. Mukhang kasabay ng paglaho ng mukhang nerd nitong anyo ang pagkamababang-loob nito. Dahil ang bawat katagang binitawan ni Desmond maging ang paraan ng pagtayo at pagsalubong sa tingin niya ay punong-puno ng kaarogantehan.

“You’re late!” angil niya.

“What? No ‘Hello, Desmond, how have you been’? I’m hurt, Cheska! Deeply hurt.” Sinapo pa nito ang dibdib at ngumiwi na animo nasasaktan gayong ang asul nitong mga mata ay pinagtatawanan siya.

“By the way, you look great! Ayokong sabihing bagay sa iyo ang pagiging biyuda dahil baka sapukin mo ako at multuhin ako mamaya ni Adolf, pero mas maganda ka ngayon kaysa noong huli tayong magkita.”

Marahang pinadaan ni Desmond ang isang daliri sa ilalim ng mga mata niya. “Walang eyebags na itinatago ng makeup at hindi namumula ang ilong at mga mata mo sa pagpipigil umiyak tulad noong naglalakad ka sa aisle ng simbahan.”

Natigilan ang dalaga. Sinalubong niya ang mga mata nitong sa loob ng isang segundo ay nakitaan niya ng tunay na emosyon—panghihinayang.

“H-hindi ba tayo mali-late sa biyahe?” pautal na untag niya. Gusto niyang kumustahin ito. Kumustahin ang mga nangyari sa buhay nito sa nakalipas na mga taon pero hindi niya magawa. Siguro dahil sa pangamba niyang barahin siya nito o siguro, dahil baka hindi lang niya magustuhan ang isasagot nito.

Napangisi ito. “Don’t worry; the plane won’t leave without us. Kaya kung gusto mo pa munang mag-retouch, may oras ka pa. Doon ang ladies’ room.”

“No, hindi na kailangan.”

He smiled at her gently. Hinawakan siya sa siko at iginiya patungo sa direksyong itinuro nito. “Trust

me, you need to, Cheska. Nag-smear na ang lipstick mo at baka akalain nila, ako ang may kagagawan niyan. Bad for the image, you know,” pabiro nitong sabi sa huling pangungusap.

“For your image? Everybody knows how much of a playboy you are, mister! Kung may image man na masisira, akin iyon!” inis na asik niya. Kung makapagsalita ito ay para namang napakasama ng reputasyon niya para madikit sa pangalan nito.

Umarko ang mga kilay nito. “Exactly!”

Bumuka ang mga labi ni Cheska para sagutin pa ito, ngunit kagyat ding natigilan nang ma-realize na sinang-ayunan siya nito. Muling napangisi si Desmond bago iiling-iling na sumandal sa pader sa labas ng ladies’ room. Iminuwestra ng ulo nito ang pinto.

“Get inside.” Humalukipkip ito at niyuko ang magkakrus na paa na animo may gustong basahin doon. “And, Cheska?”

Napahinto siya sa pagtulak pabukas sa pinto at nilingon ito.

“Natutuwa akong makita kang muli. I’ll wait here for you,” sinserong pahayag nito na nakangiti.

Napakurap siya.

Port Asistio, Verde Azul...

Ito ang tinatawag na paraiso sa lupa, naisaloob ni Cheska habang sabik na tinatanaw ang palapit na luntiang isla mula sa kinatatayuan niya sa deck ng yateng sumundo sa kanila ni Desmond sa pantalan sa Boracay.

Pribado at eksklusibo ang buong isla sa mga naninirahan doon. Mahigpit ang seguridad sa apat na pantalan na hindi basta-basta puwedeng daungan ng sinuman nang walang pahintulot o imbitasyon mula sa alinman sa mga apat na pamilyang namumuno roon.

“Hey, Cheska!”

Bahagya siyang napapiksi nang matanawan ang kumakaway at sumisigaw na pigura ni Desmond sa kabilang side ng railings ng deck. Tumatama ang sinag ng araw sa mala-uwak sa itim na buhok nito, pinagmimistula itong diyos ng kakisigan lalo pa't bukas ang mga butones ng suot nitong puting polo shirt. Mamula-mula ang mga pisngi nito at lumabas ang pagka-tan ng mga braso at dibdib nito. Pusta niya maghapon itong bumilad sa araw habang siya ay nasa

loob ng cabin at nilalabanan ang seasickness niya.

Mukhang masiglang-masigla ito, animo atat na atat nang lumundag sa dagat at languyin na lang ang natitira pang metrong layo nila sa daungan. Eksaktong kabaligtaran niya na namumutla sa panghihina at pagkahilo dahil sa kanina pa hindi matahimik niyang ulo at sikmura. Ayaw niya talagang sumasakay sa kahit anong sasakyang-pandagat.

“Kumusta ang pakiramdam mo?” painosente pang usisa ni Desmond nang lapitan siya. “Tatagal ka pa ba ng five minutes? Mukhang malapit ka nang mag-expire, ah. May laman pa ba ang sikmura mo o pinakain mo na lahat sa pating sa dagat?”

“Shut up, Miranda!” mahinang angil niya. Sinubukan niyang tumayo nang tuwid at itulak palayo ang umaalalay na braso nito sa baywang niya, ngunit dahil nanginginig pa ang tuhod niya ay hindi niya magawa. Dumadaong na sila at ilang sandali pa’y inaakay na siya nito pababa ng yate.

Itinuro ni Desmond ang nakaparadang sasakyan sa di-kalayuan, iyon daw ang sasakyan nila. Pero imbis na igiya si Cheska patungo roon ay dinala siya nito sa maliit na café.

“You don’t look too good. Lamnan muna natin

ang sikmura mo bago tayo bumiyahe ulit. Baka lalo ka lang mahilo sa sasakyan,” anito matapos siyang paupuin sa isang silya sa loob ng café na mangilangilan na lang ang bakanteng mesa. Nilapitan kaagad sila ng isang waitress.

“Okay ka na?” untag nito nang magyaya na siyang umalis sila. Tumango lang siya bilang tugon at nagpatiuna itong lumabas ng café.

Kung hindi lang niya iyon inaasahan na, malamang natawa si Cheska sa nasasaksihang reaksyon ng buong populasyong nasa pantalan ng *Monte Verde* habang binabagtas nila iyon patungo sa kinapaparadahan ng sasakyan nila. Ngunit dahil inaasahan na nga niya iyon ay ni hindi na umangat katiting man ang mga kilay niya sa nakikitang pagkasabik at pagtataka ng mga naroon habang animo haring naglalakad sa gitna ng mga ito si Desmond.

“Will you hurry up, Miranda? Gusto mo latagan ka pa ng red carpet?” naiiritang lingon niya rito. Kung hindi lang nito pinilit bitbitin ang carry-all bag niya ay nunca na hintayin pa niya ito.

“Para sa isang humihingi ng pabor, ikaw ang pinaka-demanding, Cheska.”

Natigilan siya at napabuntong-hininga. May

Until You're Mine - Dream Giban

punto ito. Pero sadyang hindi niya maiwasang mairita sa atensyong inaani nito kahit mula sa mga mukhang babae rin ang hilig at mga sobrang lipas na ang kabataang babaeng naroon. “Hindi ako sa iyo humingi ng pabor, kay Rex. Pero tama ka, wala nga akong karapatang mag-demand. Imbis dapat akong magpasalamat dahil kung hindi sa iyo, hindi ako makakatapak man lang dito sa pantalan ng *Monte Verde*.”